**Antipona sa Pag-aalay** • *Ps 67:36*

**Mirabilis** Deus in sanctis suis: Deus Israël ipse dabit virtutem et fortitudinem plebi suæ, benedictus Deus.

**Magaling** ang Dios sa kaniyang mga Banal! Ang Dios ng Israel ay siyang magkakaloob ng kapangyarihan at lakas sa kaniyang bayan: purihin at dakilan ang Dios!

**Panalangin Ukol sa mga Alay**

**Imploramus,** Domine, clementiam tuam: ut Santorum tuorum, quorum Reliquias veneramur, suffragantibus meritis, hostia quam offerimus nostrorum sit expioatio delictorum. Per Dominum.

**Magdalang-awa** ka nawa, O Panginoon, at pakundangan sa karapatan ng mga Banal at sa paggalang namin sa kanilang mga relikya, nawa'y mawaksi ang lahat naming kasalanan sa pamamagitan ng pag-aalay na ito. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**Antipona sa Komunyon** • *Ps 33:20-21*

**Gaudete** justi in Domino: rectos decet collaudatio.

**Magalak** kayo sa Poon, kayong mga matuwid: nararapat ang papuri na sa inyo'y manggaling!

**Panalangin Matapos ang Komunyon**

**Multiplica** super nos, quæsumus Domine, per hæc Sancta quæ sumpsimus, misericordiam tuam: ut sicut in tuorum solemnitate Sanctorum, quorum Reliquias colimus, pia devotione lætamur, ita eorum perpetua societate, te largiente, fruamur. Per Dominum.

**Paramihin** mo ang iyong habag sa amin, O Panginoon, isinasamo namin: at sa bisa ng banal na misterio na aming tinanggap, nawa'y makapisan namin walang hanggan ang mga Banal, yayamang sa lupa'y pinamimintuhuan namin Silang marangal at mahusay sa mga banal na labi nila. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*Nobyembre 5*

## KAPISTAHAN NG MGA BANAL NA RELIQUIA

*Misa "Multae tribulationes"*
*Pula*




**Pambungad na Antipona** • *Ps 33:20-21*

**Multæ** tribulationes justorum, et de his omnibus liberavit eos Dominus: Dominus custodit omnia ossa eorum: unum ex his non conteretur. — *Ps 33:2* Benedicam Dominum in omni tempore: semper laus ejus in ore meo *V.* Gloria Patri. Multae tribulationes.

**Marami** ang paghihirap ng mga banal: at sa lahat ng ito'y nilingap sila ng Poong Dios. Kinalinga ng Poon ang lahat nilang mga buto, at wala ni isa roo'y marurupok. — *Salmo 33:2* Pupurihin ko ang Poon lagi-lagi: at sa tuwi-tuwina'y mamumutawi sa aking labi ang lahat kong papuri. *V.* Luwalhati sa Ama. — Marami ang paghihirap...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios).

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

| | |
|---|---|
| **Auge** in nobis, Domine, resurrectionis fidem, qui in Sanctorum tuorum reliquiis mirabilia operaris: et fac nos immortalis gloriæ participes, cujus in eorum cineribus pignora veneramur. Per Dominum. | **Patatagin** mo sa amin, O Panginoon, ang pananalig sa pagkabuhay na mag-uli: upang Ikaw na gumagawa ng mga himala sa labi ng iyong mga Banal, gawin mo kaming bahagi ng Iyong kadakilaang walang wakas pakundangan sa paggalang namin sa kanilang mga labi. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... |

### Pagbasa • *Sir 44:10-15*

Pagbasa mula sa aklat ng Karunungan.

**Sila'y** mga taong mahabagin, at ang kanilang kabutiha'y hindi paparam. Nagpapatuloy sa kanilang salinlahi ang kabaitan. Ang pamana nila't bantog ay buhat sa kabanalan, at ang kanilang mga supling ay nanatili roon sa tipan. Hindi makakalimutan ang kaniyang mga ginawa, pati sa kaniyang mga anak, at sa kanilang mga anak pa'y gugunitain kailanman. Ang mga katawang-lupa nila'y nalibing nang mapayapa, at ang ngalan nila'y mabubuhay sa lahat ng panahon. Kayong mga tao, ipakita ninyo ang kanilang karunungan! At ang simbaha'y ihahayag ang kanilang kinamtang kaluwalhatian. — *R.* **Salamat sa Dios.**

### Paningit na Awit (Gradual) • *Ps 149:5, 1; Ps 67:4*

| | |
|---|---|
| **Exsultabunt** Sancti in gloria: lætabuntur in cubilibus suis.<br>*V.* Cantate Domino canticum novum: laus ejus in Ecclesia Sanctorum. | **Magdiriwang** ang mga Banal sa kadakilaan: madiriwang silang mga nasa higaan nila!<br>*V.* Umawit kayo sa Poon ng bagong awitin! Purihin Siya sa pagtitipon ng mga Banal! |
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Justi epulentur, et exsultent in conspectu Dei: et delectentur in lætitia. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya!** *V.* Ang mga matuwid ay magdiwang at magalak sa harap ng Dios, at maging maligaya sa talagang tuwa't kasiyahan! **Aleluya.** |

*Sa mga Misa Votiva, makalipas ang* Septuagesima *at buong panahon ng* Kwaresma*, ang* Aleluya *ay papalitan ng sumusunod:*

### Tracto • *Ps 125:5-6*

| | |
|---|---|
| **Qui** séminant in lácrimis, in gáudio metent.<br>*V.* Eúntes ibant et flebant, mitténtes sémina sua.<br>*V.* Veniéntes autem vénient cum exsultatióne, portántes manípulos suos. | **Sinumang** nagtatantim nitong kahapisan, ay aani naman ng lipos na kagalakan.<br>*V.* Siyang lumalabas na umiiyak, na may dalang itatanim na mga binhi,<br>*V.* Uuwi silang may sigaw ng kagalakan, na dala ang kanyang mga bigkis ng inani. |

*Sa buong panahon ng* Pascua (Muling Pagkabuhay) *ang* Aleluya *at* Dakilang Aleluya *ay papalit sa* Gradual (Paningit na Awit)*:*

### Dakilang Aleluya • *Ps 115:15*

| | |
|---|---|
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Sancti tui, Dómine, florébunt sicut lílium: et sicut odor bálsami erunt ante te. | **Aleluya, aleluya!** *V.* Ang mga Banal Mo, Poong Dios, lumagong tulad ng liryo, at ang halimuyak nila'y parang balsamo sa Iyong harapan. |
| **Alleluia.** *V.* Pretiósa in conspéctu Dómini mors Sanctórum ejus. **Alleluia.** | **Aleluya.** *V.* Mahalaga sa mata ng Poon ang pagpanaw ng mga Banal niya. **Aleluya.** |

### Ebanghelyo • *Lc 6:17-23*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

**Noong mga panahong iyon:** Pagbaba ni Jesus kasama ang mga apostol, nadatnan nila sa isang patag na lugar ang marami sa kanyang mga alagad, kasama ang napakaraming taong buhat sa Judea, Jerusalem, at mga bayan sa baybaying-dagat ng Tiro at Sidon. Pumaroon sila upang makinig, at mapagaling sa kanilang mga karamdaman. Pinagaling nga sila ni Jesus, pati na rin ang mga pinapahirapan ng masasamang espiritu. Sinisikap ng lahat ng maysakit na makahawak man lamang sa kanya, sapagkat may kapangyarihang nanggagaling sa kanya na nagpapagaling sa lahat. Tumingin si Jesus sa mga alagad, at sinabi, "Mapapalad kayong mga dukha, sapagkat sa inyo ang kaharian ng Dios. Mapapalad kayong nagugutom ngayon, sapagkat kayo'y bubusugin. Mapapalad kayong tumatangis ngayon sapagkat kayo'y tatawa. Mapapalad kayo kung kayo'y kapootan ng mga tao, kung kayo'y layuan at kayo'y alipustain, at itakuwil ang inyong pangalan na tila masama dahil sa Anak ng Tao. Magalak kayo sa araw na iyon at lumukso kayo sa tuwa, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit, sapagkat gayundin ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga propeta." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

- *May* Credo *o* Sumasampalataya *kung maringal itong ipinagdiriwang.*